

# Bakit tumatahol ang aso ko?



Nauunawaan ng Mission Australia Housing na mahal ng mga tao ang mga alaga nila at kung paano napapasaya ng alagang hayop ang kanilang mga amo. Kadalasan ay pinapahintulutan namin ang mga nangungupahan na magkaroon ng alagang hayop kasama mga aso kung saan angkop ang mga tahanan.

Gayunpaman, ang mga aso na madalas tumahol ay maaaring maging sanhi ng pagka-inis ng mga kapitbahay at iba pa sa komunidad at humantong sa mga tensyon at reklamo. Ang fact sheet na ito ay nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon sa mga may-ari ng aso tungkol sa kung ano ang maaarin nilang gawin upang pigilan ang kanilang mga aso na tumahol.

## Kung ang iyong aso ay tumatahol ay maaaring dahil sa siya ay:

- naiinip
- nangangailangan ng ehersisyo
- naghahanap ng atensyon
- nababalisa sa pagka-hiwalay sa amo
- walang bahay, tubig o pagkain
- may napapansing kumikilos sa loob o katabing ari-arian
- nangangailangan ng beterinaryo

## Malungkot na mga aso

Alam namin na ang mga nangungupahan ay maraming pinagkakaabalahan at kailangang iwan ang kanilang mga aso na mag-isa at madalas sa labas kapag sila ay wala sa kanilang mga tahanan.

Kaya mo bang isipin na nakaupo lang sa bakuran mag-isa ng walong oras sa isang araw na walang ginagawa? Ang tanging paraan na alam nila kung paano magreklamo tungkol sa pag-iisa ay ang pagtahol.

## Ano ang magagawa ko para makatulong?

Nauunawaan namin na ang mga nangungupahan ay abala sa kanilang mga buhay at madalas ay malayo sa kanilang mga tahanan sa para oras kasama ang pamilya, mga kaibigan at trabaho. Kapag nangyari ito, kailangan maiwan mag-isa ang mga aso at madalas sa labas.

Upang mapanatiling abala ang mga aso at bawasan ang pagtahol dahil sa pagka-inip, may ilang mga simpleng bagay na maaaring gawin:

- Ilakad ang iyong aso ng hindi bababa 15 minuto bawat araw, at kung posible ay dalawang beses sa isang araw - sa umaga at sa hapon;
- Mag-iwan ng laruan para paglaruan ng iyong aso kapag ikaw ay wala sa bahay;
- Siguraduhing may maraming tubig, pagkain at tirahan mula sa araw at ulan - at tignan ito ng regular;
- Makipaglaro sa iyong aso kung ikaw ay nasa bahay; at
- Siguraduhin na ang iyong aso ay regula na pinupurga, binabakunahan at nakakatanggap ng regular na pagsusuri mula sa beterinaryo

## Alam mo ba na ang labis na pagtahol at ingay mula sa mga hayop ay paglabag sa iyong pangungupahan?

Mahalagang sundin mo ang gabay na ito upang matulungan ka kung paano panatiliing tahimik ang iyong aso at siguraduhin na hindi ito nakakaabala sa iyong mga kapitbahay

### Pagtutulungan ng magkakapitbahay

Ang mga magkakapitbahay ay maaaring magtulungan upang maresolba ang problema sa pagtahol ng mga aso sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa mga problema o pagkabahala na mayroon sila.

Maaaring makatulong ang mga kapitbahay na matuklasan ang dahilan sa madalas na pagtahol. Maaari rin mag-alok ang kapitbahay na ilakad ang iyong aso kung hindi mo ito magagawa dahil sa trabaho, sakit o iba pang dahilan.

**Kung nakatira ka katabi ng may aso, bakit hindi ka mag-alok na ilakad ang aso ng sarili mo?**

Sa ganitong paraan ay makikilala mo ng mas mabuti ang aso at maaari kang makatulong sa pagpapatahimik nito kapag wala ang amo.

### Mga bisita at ingay

Isa pang dahilan kung bakit madalas tumahol ang aso ay kung mayroong paparating na bisita sa ari-arian o may mga taong naglalakad. Ito ay hindi lamang para sa mga bisitang tao at maaaring tumahol ang aso kapag nakakita sila ng pusa, possum o ibon na malapit.

Naiintindihan namin na nag-aalaga ng aso ang ibang tao upang may magbigay ng babala kung mayroong nanghihimasok ngunit kailangan turuan ng mga amo ang kanilang

mga aso na huwag tumahol sa mga pangkaraniwang bagay tulad ng mga taong naglalakad o possums o mga pusa o mga ibon sa kanilang bakuran.

### Ano ang magagawa mo para makatulong?

Huwag mo sigawan ang iyong aso – para sa iyong aso, ito ay pagtahol mo pabalik sa kanila at maaaring magbigay sa kanila ng lakas ng loob na lalong tumahol. Manatiling kalmado kapag sinusubukang pigilanang iyong aso na tumatahol.

### Pagsasanay

Ang mga aso ay matatalino at maaaring turuan na tumahol kung inutusan at maaari rin turuan na huwag tumahil o tumahol lamang sa ilang kaganapan. Maglaan ng oras upang matutunan kung ano ang nagpapatahol sa iyong aso upang magamit mo ito sa pagtuturo sa kanila na tumahol lamang sa tamang oras.

Ituro ang salitang 'quiet!' or 'stop!' habang tumatahol ang iyong aso sa utos, at magbigay ng laruan o pagkain kapag tumigil ito sa pagtahol. Magbigay ng papuri o pabuya sa mga panahon na ang aso ay tumahol lamang matapos marinig ang utos na sya ay tumahol.

### Saan pa ako makakakuha ng tulong?

#### Sa internet

Maraming magagamit na website na nagbibigay ng gabay o payo kung paano papatigilin ang pagtahol ng iyong aso - maaari mong tignan ang [www.barkbusters.com.au](http://www.barkbusters.com.au) para makahanap ng ilang kasagutan.

#### Sa lokal na beterinaryo

Ang iyong beterinaryo ay mayroong mga payo kung paano turuan ang iyong aso at pigilan sila sa pagtahol.

Ang iyong lokal na konseho ay maganda ring pagkuhanan ng payo.

#### Sa lokal na pet store

Ang mga pet store ay mayroong saklaw ng kagamitan tulad ng citronella spray at anti-barking collars na magagamit para pigilan ang pagtahol ng iyong aso. Ang iyong lokal na beterinaryo ay maaari rin tumulong dito.

Kung nagawa mo na ang lahat ng nasa itaas at tumatahol pa rin ang iyong aso, maaaring kailangan mo na ng tulong mula sa espesyalista sa pag-uugali ng mga hayop.

## Contact us



**Mission Australia Housing**  
580 George Street  
Sydney NSW 2000



1800 269 672



[missionaustralia.com.au](http://missionaustralia.com.au)